| MaTaTaG *Kindergarten* Lingguhang Aralin | Paaralan: | | | Petsa: | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | | Lingguhang Bilang | 4 |
| | Pangkat: | | | Markahan | 1 |
| | Tema: | Knowing Who We Are and Our Families | | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | *The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts.* |
| **B. Pamantayan Pagganap** | *The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety.* |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | ● *Express oneself through music, arts, and movements*<br>● *Demonstrate ability to respond appropriately in different situations and events*<br>● *Demonstrate locomotor and non-locomotor movements*<br>● *Create art works using local and available materials*<br>● *Produce the sound of the letter it stands for*<br>● *Write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase form*<br>● *Narrate one's personal experiences*<br>● *Use communication tools properly and technology appropriately*<br>● *Match numerals to a set of concrete objects around me*<br>● *Compare quantities using one to one correspondence to determine which has more, less, or equal*<br>● *Recognize the importance of having a positive attitude in dealing with different circumstances* |
| **D. Mga Layunin** | ● Nakikilala ng bata na siya, katulad ng lahat ng tao, ay may likas na damdamin<br>● Naipapahayag ng bata kung siya ay masaya, malungkot, naiinip, natatakot, nagagalit, at nasasaktan kung siya ay tinutukso/inaapi (binu-bully).<br>● Nagagawa ng bata ang maaari niyang gawin upang makontrol niya ang kaniyang damdamin. |
| **E. Nilalaman/Paksa** | Ako ay may damdamin. |

**Tala sa Guro:** Pinagsikapang maging masusi sa pagpili ng mga kalidad na kuwento na aakma sa tema (themes), sub-theme, kasanayang pampagkatuto, at pagpapahalaga (values) na nais ituro sa bata sa linggong ito. Kung sakaling hindi magagamit ang mga iminungkahing kuwento, tiyakin na ang kuwentong ipapalit ay naaayon sa mga kaalamang tinutukoy para sa linggong ito.

| BLOCKS OF TIME | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **Arrival Time** (10 minuto) | Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating. Kapag may lugar sa labas ng classroom upang pumila ang mga bata nang hindi maaarawan o mauulanan, papilahin sila habang pumapasok sa silid-aralan.<br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag-umpisa ng klase.<br>Matapos ang sampung minuto, kantahin ang 'Isa, Dalawa, Tatlo' o iba pang kanta na maaring gamitin upang umupo ang mga bata at maging handa na para sa *Meeting Time.*<br>Sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities.* | | | | |
| **Meeting Time** (15 minuto) | Pambansang Awit<br>Panalangin<br>Ehersisyo<br>} (Maaaring gawin kasama ang ibang baitang o mismo sa kanilang silid-aralan.)<br>**Kumustahan** (Kumustahin ang mga bata; magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanoood o narinig nila, *current events.)*<br>**Balitaan**<br>Ating alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo. Kahapon ay<br>(e.g., Linggo)<br>Ngayon ay ________<br>________________<br>Bukas ay _________<br>Ang petsa ngayon ay ika _____ng __________________taon ___________<br>Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin) Tingnan ang iyong mga kaklase, bilangin natin ang mga babae.<br>(Patayuin ang bawat batang mabibilang. Muling gawin ito sa mga lalaki). Ilan ang mga babae? Ang mga lalaki? Kung ganun, ilan lahat ang mga babae at lalaki? Bilangin natin.<br>Sa linggong ito, bigyan ang mga bata ng pagkakataon na bantayan ang kanilang mga damdamin sa pamamagitan ng isang **Tsart ng Damdamin** na kanilang susulatan sa kanilang pagpasok sa klase at bago sila umuwi.<br>Ano ang inyong damdamin ngayon? Sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong mga ginawang *feelings stick puppets*, ipaalam ninyo kung kayo ay masaya/malungkot/nagagalit/natatakot/naiinip/masakit ang damdamin dahil sa ginawa ng ibang tao? Maaari ba ninyong sabihin kung bakit? | | | | |

| | |
|---|---|
| | (Sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* upang makita ang iba't ibang |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | konsepto at baryasyon ng pagtuturo nito.) | | | | |
| **Mga Mensahe** | Minsan, ako ay masaya. Minsan ako ay malungkot. | Minsan, ako ay nagagalit. | Minsan, ako ay nasasaktan kung tinutukso o inaapi (binu- bully). | Minsan, ako ay natatakot. | Minsan, ako ay naiinip. |
| **Mga Katanungan** | Ano ang mga bagay o pangyayari na nagpapasaya sa iyo/nagpapalungkot sa iyo?<br>Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay masaya/malungkot? | Bakit ka nagagalit?<br><br>Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay nagagalit? | Ikaw ba ay nakaranas na ng panunukso o pang-aapi (pambu-bully)? Paano ito nangyari? Ano ang naramdaman mo dahil doon?<br>Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay nasasaktan dahil sa panunukso o pang-aapi (pambu-bully)? | Sa anong mga bagay o pangyayari ka natatakot?<br><br>Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay natatakot? | Ano ang ibig sabihin ng ‘naiinip’?<br><br>Tuwing kailan ka naiinip?<br><br>Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay naiinip? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Work Period 1** (45 minuto) | Awitin ang 'Masaya Kung Sama-sama.'<br><br>**Kuwento** *Mukha: Isang Aklat ng mga Damdamin* (Akda ni Yayi Fua. Guhit ni Ken Bautista. USAID, 2022).<br>Sabihin sa mga bata na sa linggong ito ay pag-uusapan sa klase ang iba't ibang damdamin.<br>Ipaliwanag kung ano ang kahulugan ng damdamin. *Ang* | Awitin ang 'Masaya Kung Sama-sama'<br><br>**Kuwento** *Masaya Kapag Magkasama* (Akda ni Angeli Ludovico. Guhit ni Rea Diwata Mendoza. USAID, 2022).<br>Tanungin ang mga bata kung naiguhit na nila ang kanilang damdamin sa tsart pagpasok nila sa silid- aralan. Tiyakin na nagawa na ito ng lahat ng mga bata. | Awitin ang 'Kumusta Ka?'<br>**Kuwento** *Si Muning at ang Bully (*Akda nina Chit Hsu at Yee Kyaw. Guhit nina Su Myat at Htwe. Let's Read-The Asia Foundation, 2022).<br>Tanungin ang mga bata kung naiguhit na ba nila ang kanilang damdamin sa tsart kaninang pagpasok nila sa silid-aralan.<br>Tiyakin na nagawa na ito ng lahat ng mga bata. | Awitin ang 'Kung Ikaw Ay Masaya.'<br>**Kuwento** *Nagpunta Si Ardilya sa Paaralan* (Akda at guhit ni Do Thai Thanh. Let's Read-The Asia Foundation, 2020).<br><br>Tanungin ang mga bata kung naiguhit na ba nila ang kanilang damdamin sa tsart kaninang pagpasok nila sa silid-aralan.<br>Tiyakin na nagawa na ito ng lahat ng mga | Awitin ang 'Kung Ikaw Ay Masaya" **Kuwento** *Ang Nawawalang Bola* (Akda ni Nasrin Mustafa. Guhit nina ASM, Tanvir, Hussan, at Raju).<br>Let's Read-The Asia Foundation, 2020).<br>Tanungin ang mga bata kung naiguhit na ba nila ang kanilang mga damdamin sa tsart kaninang pagpasok nila sa silid-<br>aralan. Tiyakin na |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *damdamin ay ang ating emosyon o reaksiyon sa isang bagay o kalagayan, tao, at iba pa. Ito ay likas sa lahat ng tao, at kadalasan ay makikita ang ating mga damdamin sa ating mukha.* (Sumangguni sa *Teacher's Guide* tungkol sa *Effective Storytelling to Children.*) ***Pagganyak*** Ano ang damdamin ninyo ngayon habang kayo ay naghahandang makinig sa kuwento? ***Pangganyak na Tanong*** Ano ang nakikita ninyo sa pabalat ng aklat? Sabihin: Maaari nating malaman kung ano ang damdamin ng isang tao sa pamamagitan ng pagtingin sa kaniyang mukha.<br><br>Ipakita ang mga iba't ibang pahina ng aklat at tanungin ang mga | Ipaliwanag ang mga mahirap na salita o konsepto. Kunin ang mga ito sa mga bata habang ipinapakita ang mga pahina ng *wordless book.* Isulat ito sa pisara.<br>***Pagganyak***<br>Ano ang itsura ng inyong mukha kung kayo ay nagagalit? Hayaan ang mga bata na ipakita ang galit sa kanilang mukha.<br>***Pangganyak na Tanong***<br>Ano ang damdamin na nakikita ninyo sa mukha ng mga bata sa pabalat ng aklat? May nagagalit bang bata sa larawan? Bakit kaya? Sabihin: Walang teksto o mga salita ang aklat na ito. Mayroon lamang itong mga larawan.<br>Ipakita ang mga iba't ibang pahina ng aklat at tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang napapansin sa mga iyon.<br>Hikayatin ang mga bata na sabihin kung ano ang nakikita nila sa bawat pahina, kung | Ipaliwanag ang mga mahirap na salita/konsepto. Isulat ang mga ito sa pisara:<br>-bully<br><br>***Pagganyak*** Nakaranas na ba kayo ng panunukso o pang-aapi/pambu-bully? Ano ang nangyari at ano ang inyong naramdaman? (Makinig sa sagot ng mga bata at ulitin ito.)<br><br>***Pangganyak na Tanong***<br>Ano ang ginawa ni Muning sa nambu-bully sa kanya sa kuwento?<br><br>***Talakayan*** Tanungin ang mga bata kung ano ang naramdaman ni Muning sa pambu-bully sa kanya.<br><br>Tanungin ang mga bata kung paano nabigyan ni Muning ng solusyon ang pambu- bully sa kanya. Idiin ang kahalagahan ng paghingi ng tulong | bata.<br>Ipaliwanag ang mga mahirap na salita/konsepto. Isulat ang mga ito sa pisara:<br>- bukang-liwayway<br>- halimaw<br>- lente<br>- rumaragasa<br>- parang<br><br>Sabihin na may bago ng kuwento ngayon tungkol sa isa pang damdamin.<br><br>Magpakita ng takot sa iyong mukha at hayaang hulaan ng mga bata kung ano ang damdaming iyon.<br>Sabihin na bukod sa saya, lungkot, galit, at sakit ng damdamin, maaari din silang makadama ng takot.<br>Hikayatin ang mga bata na ipakita sa kanilang mukha ang takot.<br><br>***Pagganyak***<br>Sa anong bagay, karanasan, o kanino kayo natatakot? | nagawa na ito ng lahat ng mga bata.<br>Ipaliwanag ang mga mahirap na salita/konsepto. Isulat ang mga ito sa pisara:<br>-makalat<br>-istante<br>Tanungin ang mga bata kung naaalala nila ang mga kuwento noong mga nagdaang araw at kung anong damdamin ang tinukoy ng mga iyon.<br>Sabihin na may bagong kuwento ngayon tungkol sa isa pang damdamin.<br>Magpakita ng pagka-inip sa iyong mukha at hayaang hulaan ng mga bata kung ano ang damdaming iyon.<br>Hikayatin din ang mga bata na ipakita sa kanilang mukha ang pagka-inip.<br>Sabihin na maliban sa saya, lungkot, galit, sakit ng damdamin, at takot, maaari din silang makadama ng pagka-inip.<br>***Pagganyak*** Naranasan na ba ninyo ang mainip sa |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | bata kung ano ang kanilang napapansin sa mga iyon.<br>Sabihin: Walang teksto o mga salita ang aklat na ito. Mayroon lamang itong mga larawan.<br>Hikayatin ang mga bata na sabihin kung ano ang nakikita nila sa bawat pahina, kung ano ang damdamin na nakikita nila batay sa mga larawan, at kung ano ang dahilan ng mga damdaming iyon.<br>Makinig sa sinasabi ng mga bata at kumpirmahin ang mga ito.<br>***Talakayan***<br>Tanungin ang mga bata kung ano ang iba't ibang damdamin na i pinakita sa kuwento.<br>Ituon ang talakayan sa kung ano ang nagpapasaya at nagpapalungkot sa kanila, at kung ano ang kanilang ginagawa kung sila ay masaya, at kung sila ay malungkot. | ano ang damdamin na nakikita nila batay sa mga larawan, at kung<br>ano ang dahilan ng mga damdaming iyon.<br>Makinig sa sinasabi ng mga bata at kumpirmahin ang mga ito.<br>***Talakayan***<br>Ituon ang talakayan sa nangyari sa dalawang bata sa pp. 8-12.<br>Tanungin ang mga bata kung ano ang nangyari sa dalawang bata. Bakit sila nagkagalit? Ano ang ginawa ng kanilang guro? Ano ang nangyari sa pagtatapos ng kuwento? Tanungin ang mga bata kung bakit sila nagagalit, at kung ano ang ginagawa nila kapag sila ay nagagalit. Idiin ang kahalagahan ng pagpipigil sa sarili na hindi manakit kung nagagalit, at pagpapatawad sa mga taong nagparamdam sa atin ng galit o inis. | kung nakakaranas ng pambu-bully, pagpipigil sa sarili na huwag gumanti o manakit kung nasaktan ang damdamin, at pagpapatawad sa mga taong nanukso o nang-api/nam-bully | ***Pangganyak na Tanong***<br>Sino ang mga bida sa kuwento at ano ang kinatatakutan nila?<br><br>***Talakayan***<br><br>Tanungin ang mga bata kung sino o ano ang kinatatakutan nila.<br><br>Tanungin ang mga bata kung ano ang ginagawa nila kung sila ay natatakot | paghihintay? Kailan iyon at ano ang ginawa ninyo?<br>***Pangganyak na Tanong***<br>Sino ang nainip sa kuwento at bakit sila nainip?<br>***Talakayan*** Tanungin ang mga bata kung ano ang mga damdamin na naramdaman ng mga bata sa kuwento habang sila ay naghihintay na magsimula ang kanilang laro.<br>Sabihin na maaaring magbago ang ating mga damdamin sa isang pagkakataon. Sabihin na may iba-iba tayong damdamin na puwede nating maramdaman ng sunod-sunod o sabay-sabay. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Teacher-Supervised Activity** | **Gawain**<br>Tsart ng Damdamin | **Gawain**<br>Pagsasadula<br>(Ituon sa damdaming galit ang pagsasadula.) | **Gawain**<br>Pagsasadula (Ituon ang pagsasadula sa damdamin kung tinutukso o inaapi (binu-bully), at sa paghahanap ng solusyon dito.) | **Gawain**<br>Pagsasadula (Ituon ang pagsasadula sa<br>damdamin na takot.) | **Gawain**<br>Pagsasadula<br>(Ituon sa damdaming pagka-inip ang pagsasadula.) |
| **Supervised Recess**<br>(15 minuto) | Mga bata, sampung minuto na lamang ang natitira sa ating *Work Period*. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay sabay , 1,2,3,4,5 (maaaring hanggang 10 o 20). Ipabalik ang lahat ng mga bagay na ginamit sa lalagyan.<br>Tawagin natin si ______________, ang ating tagapanalangin o *prayer leader* ayon sa *Job Chart.* Magpasalamat o magdasal tayo para sa natapos nating gawain at sa ating snaks.<br>Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay. Pagkahugas ng kamay, kakainin na ng mga bata ang kanilang baon. Kapag kumakain na ang mga bata, maaaring sabihin ng guro: Maaari rin kayong magbahagi ng pagkain sa inyong mga kaklase. Ano ang lasa o kulay o hugis ng iyong pagkain? Sino ang nakaupo sa harap mo? Sa kaliwa? Sa kanan? atbp. Pagkatapos kumain, magliligpit ng gamit at maghuhugas uli ng mga kamay at magsesepilyo. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Maaari ding magpalit ng damit kung kinakailangan. Magpahinga pagkatapos. | | | | |
| **Quiet / Nap Time**<br>(10 minuto) | Iparinig o kantahin ang awiting “Munting Bituin” o iba pang uyayi (*lullaby*) habang nagpapahinga ang mga bata. | | | | |
| **Work Period 2**<br>(40 minuto) | Tapos na ang sampung minuto. Muli ay maghahanda tayo para sa iba pang mga masasayang gawain. | | | | |
| **Pag-aaral ng mga Katangian** | Tawagin ang isang batang babae at patayuin siya sa harapan kung saan siya ay makikita ng lahat. Hihikayatin ang mga kaklase na tingnan ang batang babae at sabihin | Tawagin ang dalawang batang babae at patayuin sila sa harapan kung saan sila ay makikita ng lahat. Hikayatin ang mga kaklase na tingnan ang dalawa at paghambingin sila. Anu-ano ang | Tawagin ang isang batang lalaki at patayuin siya sa harapan kung saan siya ay makikita ng lahat. Hihikayatin ang mga kaklase na tingnan ang batang lalaki at sabihin kung | Tawagin ang dalawang batang lalaki at patayuin sila sa harapan kung saan sila ay makikita ng lahat. Hikayatin ang mga kaklase na tingnan ang dalawa at paghambingin sila. Anu-ano ang pareho | Tawagin ang isang batang babae at isang batang lalaki at patayuin sila sa harapan kung saan sila ay makikita ng lahat. Hikayatin ang mga kaklase na tingnan ang dalawa at paghambingin sila. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | kung ano ang | | ano ang kanilang | | |

<table>
<tr><td></td><td>kanilang nakikita sa kanya. Maaaring ito ay tungkol sa kanyang kasuotan, o pisikal na katangian.</td><td>pareho sa dalawa? Anu-ano ang magkaiba?</td><td>nakikita sa kanya. Maaaring ito ay tungkol sa kanyang kasuotan, o pisikal na katangian.</td><td>sa dalawa? Anu-ano ang magkaiba?</td><td>Anu-ano ang pareho sa dalawa? Anu-ano ang magkaiba?</td></tr>
<tr><td colspan="6">Tala sa Guro: Bantayang mabuti ang mga sagot ng mga bata upang hindi makasakit ng damdamin, Maaaring magtanong upang matulungan ang mga bata na mag-isip at magsalarawan ng kanilang mga napapansin. Ituon ang pansin sa laki o size.</td></tr>
<tr><td>Mga Gawain sa Grupo</td><td colspan="5">May mga inihandang mga gawain sa bawat grupo na maaaring ipagawa kapag natapos na ang mga bata sa mga gawain para sa araw. Maaaring ang lider ng bawat grupo ang kukuha ng mga gamit na nasa mesa. Lalapit ang guro sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ito gagawin.<br>Iba pang mga Early Language, Literacy, at Numeracy Activities:<ul><li>Feelings Collage</li><li>Feelings Pattern</li><li>Feelings Stick Puppets</li><li>Alpabeto ng Damdamin</li><li>Payo Sa Bully</li><li>“Ang Nawawalang Bola”</li><li>Madamdaming Kuwentuhan</li><li>Size/Laki</li></ul></td></tr>
<tr><td rowspan="3">Indoor/ Outdoor Play<br>(35 minuto)</td><td colspan="5">Bibilang ako ng isa hanggang sampu para tapusin na ang iyong ginagawa at ibalik sa tamang lagayan ang mga ginamit. Tala sa guro: Bagalan ang pagbilang upang may sapat na oras ang mga bata na tapusin at iligpit ang mga ginamit. (Kung kulang pa...)<br>Uulitin ko ang pagbilang ng isa hanggang sampu. Dapat ay malinis at maayos na ang lahat.<br>Handa na ba kayong maglaro? (Sumangguni sa Apendiks sa pamamaraan ng mga gawain.)</td></tr>
<tr><td>Palit-Awit: “Kung Ikaw ay Masaya”</td><td>Buksan ang Basket</td><td>Lumulubog ang Barko</td><td>Lakad sa Dilim</td><td>Unahan sa Pag-upo</td></tr>
<tr><td colspan="5">(Kapag tapos na ang 25 minuto) Iligpit na ang mga ginamit natin sa paglalaro at umupo na tayo upang magpaalam. Gawin ninyo ang inyong Tsart ng Damdamin para sa araw na ito habang kayo ay nakaupo.</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Wrap Up Time & Dismissal** (10 minuto) | Sino sa inyo ang uuwi nang masaya? Bakit? Sino naman sa inyo ang uuwi nang malungkot? Bakit? Alalahanin na maaaring magbago ang inyong damdamin sa loob ng araw na ito. Minsan, kayo ay masaya, at minsan naman ay malungkot. Ito ay likas. Bukas ay may isa pang damdamin tayo na pag-uusapan sa ating klase. | Sino sa inyo ang uuwi nang nagagalit? Bakit? Ano kaya ang dapat gawin ng ating kaklase upang hindi na siya galit sa kaniyang pag- uwi? (Tulungan ang bata na gawin ito.) Alalahanin na maaaring magbago ang inyong damdamin sa loob ng araw na ito. Minsan, kayo ay nagagalit. Ito ay likas. Bukas ay may isa pang damdamin tayo na pag-uusapan sa ating klase. | Sino sa inyo ang uuwi na nasasaktan ang damdamin dahil natukso o inapi/na- bully? Ano kaya ang dapat gawin ng ating kaklase upang hindi na masakit ang kanyang damdamin sa kanyang pag-uwi? (Tulungan ang bata na gawin ito.) Alalahanin na maaaring magbago ang inyong damdamin sa loob ng araw na ito.<br><br>Minsan kayo ay nasasaktan kung kayo ay tinutukso o inaapi/ binubully. Ito ay likas. Bukas ay may isa pang damdamin tayo na pag-uusapan sa ating klase. | Sino sa inyo ang uuwi na natatakot? Bakit? Ano kaya ang dapat gawin ng ating kaklase upang hindi na siya takot sa kanyang pag- uwi? (Tulungan ang bata na gawin ito.) Alalahanin na maaaring magbago ang inyong damdamin sa loob ng araw na ito. Minsan, kayo ay natatakot. Ito ay likas. Bukas ay may isa pang damdamin tayo na pag-uusapan sa ating klase. | Sino sa inyo ang naiinip na sa pag-uwi ngayon? Bakit? Tingnan ang iyong Tsart ng Damdamin at bilangin kung ilang beses ka naging masaya, malungkot, nagalit, nainip, nasaktan ang damdamin, at natakot ngayong linggo. Alin ang pinakamarami? Alin ang pinakakaunti? **Gawain/gawin sa bahay*:*** Gamit ang *cellphone* ng magulang, gumawa ng video o *photo album* na nagpapakita ng iba't-ibang damdamin. I-*upload* ito sa *Messenger chat group* para maipakita sa klase. |
| Dismissal Routine: Maraming salamat, mga bata, sa inyong pagpasok at partisipasyon sa klase sa araw na ito. (Magbigay ng *reminder* mga bata kung may ibibigay silang sulat sa kanilang mga magulang mula sa paaralan, at/o takdang-aralin, at iba pa.)<br><br>Awitin natin ang "Paalam Na Sa Iyo." Mag-ingat kayo sa inyong paglalakad, pagsakay at pagbaba ng sasakyan, at pagtawid sa daan. Magkita-kita uli tayo bukas dito sa ating mahal na paaralan. | | | | | |

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila gaanong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling istratehiya sa pagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata dito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (tingnan ang ‘Mga Katanungan’ pagkatapos ng ‘Mensahe’). | |

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay ng Tema**

**Tsart ng Damdamin**

Layunin: Matukoy at maitala ang damdamin ng buong klase sa loob ng isang linggo. Bilang ng Kasali: Lahat ng mga bata sa klase

Mga Kagamitan: KLAS 1; mga panulat (lapis, krayola, o *colored pens)*

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng KLAS 1 at sabay-sabay basahin ang nakasulat na mga araw ng linggo.
2. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa papel.
3. Ipaguhit ang kanilang mukha sa kahon sa ilalim ng Lunes.Ipakita ang kanilang damdamin sa mukha na kanilang iguguhit. Ipaguhit muli ang kanilang mukha bago sila umuwi upang makita kung nagbago ba ang kanilang damdamin mula sa kanilang pagpasok o nanatili ito hanggang sa kanilang pag-uwi.
4. Ipagawang muli, ang pagguhit ng kanilang mukha sa tulong ng kanilang Tsart ng Damdamin mula Lunes hanggang Biyernes.
5. Pagdating ng Biyernes, ipabilang sa mga bata kung anong damdamin ang naramdaman nila sa buong linggo at paghahambingin kung alin sa mga ito ang magsindami, mas marami, o mas kaunti.

**Pagsasadula ng Kuwento: *Masaya Kapag Magkasama* (Ludovico, 2022); *Si Muning at ang Bully (*Chit, 2022); *Nagpunta si Ardilya sa Paaralan* (Do Thai Thanh, 2020**); ***Ang Nawawalang Bola* (Mustafa, 2020)**

Layunin: Maipahayag ang mga damdamin sa kuwento sa pamamagitan ng dula Bilang ng Kasali: Lahat ng mga bata sa klase

Mga Kagamitan: Aklat*;* mga *props* ayon sa kuwento Pamamaraan:

1. Tanungin ang mga bata kung sino ang gustong sumali sa pagsasadula ng kuwento.
2. Bilangin ang mga bata at tanungin sila kung sino sa mga tauhan sa kuwento ang gusto nilang gampanan.
3. Basahin ang kuwento upang gabayan ang mga bata sa pagsasadula nito.
4. Hayaan ang mga bata na magpahayag ng kanilang damdamin ayon sa kuwento

***Video/Photo Album* ng Iba't Ibang Damdamin**

Layunin: Makagamit ng *technology* upang maipakita ang natutuhan tungkol sa mga damdamin Mga Kagamitan: *cellphone,* salamin

Bilang ng Kasali: paisa-isa lamang para sa mga batang walang magagamit na *cellphone* sa bahay Pamamaraan:

1. Sabihin sa bata na siya ay gagawa ng *video o photo album* na nagpapakita ng iba't ibang damdamin.

2. Hayaan ang bata na magpraktis ng kaniyang *facial expressions* ng tuwa, lungkot, takot, galit, pagkainip, at sakit ng damdamin sa harap ng salamin.
3. Turuan ang bata kung paano kumuha ng *photo o* gumawa ng video gamit ang *cellphone.*
4. Hayaan ang bata na mag-*selfie* o gumawa ng *video* sa abot ng kaniyang makakaya.
5. Tulungan ang bata kung kinakailangan hanggang ma-*upload* ang kaniyang *video* o mga *photo* sa *Messenger chat group* ng klase.

*Note: Ang gawaing ito ay **takdang-aralin** ng mga batang may magagamit na cellphone sa bahay.*

**B. Iba Pang Mga Early Language, Literacy, at Numeracy Activities: <u>Feelings Collage</u>**

Layunin: Makagawa ng grupo ng mga larawan ng iba't ibang damdamin Bilang ng Kasali: 5 bata

Mga Kagamitan: mga lumang magasin o pahayagan, gunting, pandikit, manila paper, *masking tape*

Pamamaraan:

1. Magdikit ng limang *manila paper* sa dingding ng silid-aralan. Lagyan ng pangalan ang bawat *manila paper* – SAYA ang isa, LUNGKOT ang isa, TAKOT ang isa, GALIT ang isa, INIP ang isa.
2. Ang bata ay maghahanap ng mga mukha sa lumang magasin o pahayagan. Gugupitin niya ito gamit ang gunting at ididikit sa manila paper ayon sa damdamin na nakikita sa mukha.

**<u>Feelings Pattern</u>**

Layunin: Makagawa ng simpleng *pattern*

Bilang ng Kasali: 5 bata

Mga Kagamitan: KLAS 2; panulat

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng KLAS 2 at ipasulat ang kanilang pangalan dito.
2. Basahin ang panuto sa mga bata at hikayatin sila na simulan at tapusin ang gawain.

**<u>Feelings Stick Puppets</u>**

Layunin: Makagawa ng *stick puppet* gamit ang iba't ibang hugis Bilang ng Kasali: 5 bata

Mga Kagamitan: papel na hugis bilog bilang mukha; pira-pirasong mas maliit na papel na hugis bilog, tatsulok, parisukat, parihaba;*popsicle sticks*; pandikit; *masking tape*

Pamamaraan:

1. Gagawa ang bata ng limang mukha gamit ang mga papel na may ibaibang hugis at pandikit.
2. Ang isang mukha ay masaya, ang isa ay malungkot, ang isa ay takot, ang isa ay galit, at ang isa ay naiinip.
3. Ididikit ang mga mukha sa popsicle stick gamit ang masking tape.
4. Gagamitin ng bata ang limang *stick puppet* tuwing Balitaan sa klase upang ipahayag ang kaniyang damdamin sa oras na iyon.

**Alpabeto ng Damdamin**
Layunin: Makilala ang tunog ng mga titik sa alpabetong Filipino Bilang
ng Kasali: 5 bata
Mga Kagamitan: blankong aklat gawa sa papel na pinagsama-sama ng *stapler* na may titik ng alpabetong Filipino sa bawa't pahina; panulat (lapis, krayola, *colored pens)*
Pamamaraan:

1. Iguguhit ng bata ang alam niyang bagay na nag-uumpisa sa titik na nakasulat sa pahina.
2. Ang mga bagay na iguguhit ay may kinalaman sa damdamin..
3. Maaaring iguhit ang mga damdamin na hindi napag-usapan sa klase. Halimbawa, 'hiya' para sa titik Hh, 'inis' o 'inggit' para sa titik Ii; 'gulat' para sa titik Gg; 'kaba' para sa titik Kk; atbp.
4. Hindi kailangang makumpleto ang alpabeto. Hikayatin ang bata na gawin ito sa abot ng kaniyang makakaya.
5. Maaaring magtanong sa kaklase upang magkaroon sila ng pag-uusap at pagtutulungan.

**Payo sa *Bully***
Layunin: Makagawa ng mensahe para sa tauhan ng kuwento Bilang ng Kasali:
5 bata
Mga Kagamitan: KLAS 3, panulat (lapis, krayola, *colored pens*) Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng KLAS 3 at ipasulat ang kanilang pangalan dito.
2. Basahin ang panuto at hikayatin ang mga bata na simulan at tapusin ang gawain.
3. Tulungan ang bata sa pagsusulat kung kailangan.

**"Ang Nawawalang Bola"**
Layunin: Makabuo ng sariling aklat ng isang kuwento Bilang ng
Kasali: 5 bata
Mga Kagamitan: papel; panulat (lapis, krayola, *colored pens); stapler*
Pamamaraan:

1. Gagawa ang bata ng sariling aklat ng kuwentong "Ang Nawawalang Bola" (Mustafa, 2020).
2. Ilalagay ang mga tauhan at nangyari sa kuwento ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga ito.
3. Gagawa rin ang bata ng pabalat kung saan isusulat niya ang pangalan ni Nasrin Mustafa bilang may-akda ng kuwento, at ang kaniyang pangalan bilang tagaguhit nito.

**Madamdaming Kuwentuhan**
Layunin: Makapagpahayag ng sariling karanasan at damdamin Bilang ng
Kasali: 5 bata
Mga Kagamitan: *feelings cube* (isang *cube* na may larawan ng iba't-ibang damdamin sa bawa't *side* nito.
Pamamaraan:

1. Ihahagis ng bata ang *feelings cube* at titingnan kung anong damdamin ang makikita sa ibabaw nito.

2. Magbabahagi ang bata ng sariling karanasan kung paano niya naranasan ang damdaming iyon.
3. Lahat ng bata sa grupo ay maghihintay ng kanilang pagkakataon na maghagis ng *feelings cube* at magkuwento ng karanasan.

**D. Indoor-Outdoor Play Activities <u>Palit-Awit:</u>**

**<u>"Kung Ikaw Ay Masaya"</u>**

Layunin: Makapagpahayag ng sarili sa pamamagitan ng awit at iba't ibang galaw Bilang ng

Kasali: lahat ng mga bata sa klase

Mga Kagamitan: Awiting "Kung Ikaw Ay Masaya"

Pamamaraan:

1. Ituro ang awit sa mga bata kasama ang mga *action* nito ayon sa titik.
2. Maaaring magmartsa sa lugar o pasulong habang umaawit.
3. Sabihin sa mga bata na papalitan nila ang ibang titik (lyrics) ng awit. Gagawin ang aksyon ng bagong titik na ginamit. Halimbawa: "Kung ikaw ay masaya, <u>pumalakpak</u>."
4. Maaari ring palitan ang titik na 'masaya' ng 'malungkot' at magbigay ng bagong titik. Gagawin ang *aksiyon* ng bagong titik na ginamit. Halimbawa: "Kung ikaw ay malungkot, <u>umiyak</u> ka."
5. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na makapagbigay ng bagong titik sa awit.

**<u>Buksan ang Basket</u>**

Layunin: Makasunod sa mga panuto, makipaglaro sa mga kaklase, makapagpahayag ng damdamin kung nanalo o hindi Bilang ng Kasali:
lahat na mga bata sa klase

Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na bumuo sila ng mga grupo na may tatlong (3) kasapi.
2. Sabihin na bumuo ng "basket" ang bawat magkapareha sa pamamagitan ng paghahawak ng mga kamay ng dalawang magkaharap na bata
3. Sabihin na tumayo ang mga natitirang bata sa loob ng "basket" ng kanilang grupo.
4. Magtalaga ng isang bata na magiging "it"o taya.
5. Ang "it" ay tatayo sa gitna ng mga nakapabilog na mga "basket" at sisigaw ng "Buksan ang ______________________!"
6. Ang 'it' ay maaaring magsabi ng kahit na anong salita. Halimbawa, "Buksan ang pinto/sasakyan/garapon/bag/pitaka, atbp.
7. Kapag sinabi ng "it" na "Buksan ang basket!" ay doon lamang maaaring lumabas ang mga bata at lumipat sa ibang "basket." Ang 'it' ay papasok din sa isang "basket."
8. Ang bata na walang napasukang "basket" ang susunod na magiging "it" o taya.

**Lumulubog ang Barko**

Layunin: Makasunod sa mga panuto; makapagbigay ng tamang bilang; makipaglaro sa mga kaklase; makapagpahayag ngdamdamin kung nanalo o hindi Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata sa klase Pamamaraan:

1. Magtalaga ng isang bata na magiging unang "it" o taya.
2. Turuan ang bata na sabihin, "Ang barko ay lumulubog. Gumawa ng tig- __________grupo/pangkat."
3. Ang mga bata ay gagawa ng grupo na may dami ng miyembro na sinabi ng "it."
4. Ang "it" ay sasali rin sa mga bawat bubuoing grupo.
5. Bibilangin ng mga bata ang miyembro ng bawat grupo upang tiyakin na tama ang dami ng miyembro nila.
6. Ang grupo na may kulang o labis sa bilang na sinabi ng "it" ay uupo na at di na kasali sa laro.

**Lakad sa Dilim**

Layunin: Makasunod sa mga panuto; makipaglaro sa mga kaklase; subukan ang mahirap na gawain Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata sa klase Mga Kagamitan: piring sa mata; bola Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na humanap sila ng kapareha.
2. Sabihin na magtutulungan sila upang makuha nila ang bola.
3. Magsusuot ng piring sa mata ang isa habang ang kaniyang kapareha ang magsasabi kung saan siya pupunta upang makuha niya ang bola.
4. Kapag nakapiring na ang isa ay saka lamang ilalagay ang bola sa pagkukuhanan nito.
5. Pagkatapos ng unang laro ay maaaring magsuot ng piring ang kapareha upang mabigyan din siya ng pagkakataon na sumali.

**Unahan sa Pag-upo**

Layunin: Makasunod sa mga panuto; makipaglaro sa mga kaklase; makapagpahayag ng damdamin manalo o matalo man Bilang ng Kasali: Lahat ng mga bata sa klase

Mga Kagamitan: mga upuan; musika/tugtog Pamamaraan:

Bago maglaro –

1. Ayusin ang mga silya ng pabilog. Ang mga upuan ay nakaharap sa labas ng bilog.
2. Kailangang kulang ng isang upuan para sa bilang ng batang maglalaro.
3. Paupuin ang mga bata sa silya upang matiyak na may isang bata na walang upuan.

Habang naglalaro –

1. Kapag pinatugtog na ang musika, patayuin ang mga bata at himukin silang magsayaw habang naglalakad palibot sa mga upuan.
2. Kapag huminto ang musika, kailangang makipag-unahan ang mga bata sa pag-upo sa mga silya.
3. Ang hindi makakaupo ay maaalis sa laro. Aalisin din ang isang silya.
4. Ituloy ang laro hanggang sa may isang silya na lamang na matira para sa dalawang batang manlalaro.

5. Ang mananalo sa laro ay ang makakaupo sa silya.

Pagkatapos ng laro-

1. Hikayatin ang mga bata na sabihin kung ano ang kanilang naramdaman habang sila ay naglalakad palibot sa mgaupuan, at noong sila ay hindi nakaupo at naalis sa laro.
2. Makinig sa mga sasabihin ng mga bata at tumugon nang naaayon.

**E. Songs and Rhymes**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **“Isa, Dalawa, Tatlo”**<br>Isa, dalawa, tatlo,<br>Una-unahan tayo.<br>Apat, lima, anim, Sa balong malalim. Pito, walo, siyam, Lahat parang langgam.<br>Pagdating sa sampu, Ang lahat ay umupo! | **Kung Ikaw Ay Masaya**<br>Kung ikaw ay masaya, Tumawa ka.<br>Kung ikaw ay masaya, Tumawa ka.<br>Kung ikaw ay masaya, Buhay mo ay sisigla. Kung ikaw ay masaya, Tumawa ka.<br><br>(Maaaring palitan ang mga salitang ‘masaya’ at ‘tumawa’ ng ibang damdamin at pahiwatig ng damdamin.) | **Masaya Kung Sama-sama**<br>**(The more we get together)**<br>Masaya kung (sama-sama) 3x<br>Masaya kung sama-sama,<br>At may tawanan.<br>Kay lungkot ng buhay,<br>Kung wala kang kaibigan.<br>Masaya kung sama-sama,<br>At may tawanan | **“Munting Bituin”**<br>**(Twinkle, twinkle, little star)**<br>Kay ningning, munting bituin. Liwanag sa gabing madilim.<br>Kislap nang kislap parang kulisap.<br>Nagtatago sa likod ng ulap.<br>Kay ningning munting bituin. Liwanag sa gabing madilim. | **Kumusta Ka?**<br>Kumusta ka?<br>Halina’t magsaya<br>Ipalakpak ang kamay<br>Ituro ang paa<br>Padyak sa kanan<br>Padyak sa kaliwa<br>Umikot ng umikot<br>At humanap ng iba | **Paalam na Sa ‘Yo (The Learning Tree Child Growth Center Inc., 1992)**<br>Paalam na sa ‘yo, paalam na sa ‘yo.<br>Bukas babalik, bukas babalik.<br>Paalam na sa ‘yo,paalam na sa ‘yo.<br>Bukas babalik.<br>Bukas babalik. (Palitan ang ‘bukas’ ng “Sa Lunes” sa pag-awit nito tuwing Biyernes.) |